Pang-kontak na mga detalye

Unang Palapag, Professional House,
88 Abbott St, Cairns
PO Box 1041N,
Cairns North QLD 4870

Telepono (07) 4031 7377
Paksimile (07) 4031 7383

Email info@rightsinaction.org
Web www.rightsinaction.org

Kami ay bahagi ng magkakaugnay na mga serbisyong ukol sa pangkapansanang pagtataguyod na pinopondohan ng Kagawaran ng mga Serbisyong ukol sa Lipunan ng Pamahalaan ng Australya at ng Kagawaran ng mga Komunidad, mga Pangkapansanang Serbisyo at Pambatang Kaligtasan ng Pamahalaan ng Queensland.

Rights in Action Inc.

TAGALOG

Mga Karapatan Ninyong Kumikilos

MALAYANG PAGTATAGUYOD PARA SA MGA TAONG MAY KAPANSANAN

Ano ang pagtataguyod?

Ang pagtataguyod ay ang pakikipag-usap, pagkilos, pagsulat, sa o sa kapakanan ng isang tao upang paunlarin, pangalagaan at ipagtanggol ang kanyang kabutihan at mga karapatang pantao.

Sinusuportahan ng Mga Karapatang Kumikilos ang taong naniniwala na siya ay pinagsamantalahan, o hindi makatarungang pinakitunguhan dahil sa kanyang kapansanan.

Maaaring ibilang sa pagtataguyod ang mga isyung may kaugnayan sa:

- trabaho
- pagpapabahay
- medikal
- edukasyon at pagsasanay
- kalayaan ng impormasyon
- pag-asikaso ng mga reklamo
- pagpunta at paghahatid
- pagpapakita ng pagkiling laban sa iba (discrimination)

Mga Karapatang Umiiral

Ang Mga Karapatang Kumikilos ay isang malayang organisasyong hinimpilan sa komunidad na nagbibigay ng matatag na pagtataguyod para sa mga taong may mga kapansanan na nanirahan sa Cairns, Yarrabah, Mareeba at Atherton.

Kami ay ganap na nasa panig ng taong may kapansanan at aming susuportahan ang kanyang mga karapatan kung saan ito kailangan. Nagtataguyod kami para lamang sa taong may kapansanan, hindi para sa taga-alaga, magulang o ibang taong may interes.

Isinisiguro ng aming serbisyo:

- pagkakakumpidensyal
- walang bayad na tulong
- magalang na malayang pagtataguyod
- makukuhang tulong at impormasyon

Para sa impormasyon o pakikipagtipan, pakitawagan ang numerong 4031 7377. May pagtataguyod Lunes–Biyernes 9nu–5nh.